# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

ISPESYAL NA ISYU | BASAHIN AT TALAKAYIN | 26 DISYEMBRE 2025


## PAMUNUAN ANG DALUYONG NG KILUSANG MASA TUNGO SA PAGPAPABAGSAK SA REHIMENG US-MARCOS! PALAKASIN ANG PARTIDO AT MALALIM NA UMUGAT SA MASA!

Mensahe para sa ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas
Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan
Disyembre 26, 2025



Sa okasyon ng ika-57 anibersaryo ng dakilang Partido Komunista ng Pilipinas (MLM), ipinapaabot ng KRTK ang pinakamainit na proletaryong pagbati sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido, lahat ng mga opisyal at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, lahat ng lider at kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, lahat ng mga kaibigan ng rebolusyon at sa lahat ng mamamayang api't pinagsasamantalahan.

Sa araw na ito, ialay natin ang pinakamataas na pagkilala at pagpupugay sa ating mga dakilang martir at bayani ng Partido at rebolusyong Pilipino. Hinding-hindi magmamaliw ang ating pinakamataas na pagkilala kay Kasamang Jose Maria Sison, dakilang tagapangulong tagapagtatag at proletaryong lider ng Partido at rebolusyong Pilipino ng kasalukuyang siglo. Bigyan din natin ng pinakamataas na pagpupugay ang mga martir ng 2025. Pinakamataas na pagpupugay kay Ka Louie Jalandoni, pinuno at punong negosyador ng National Democratic Front of the Philippines, kay Myrna "Ka Maria Malaya" Solarte, pinuno ng Partido sa Mindanao, kay Ka Jordan "Ka SY/RF" Mopon, kadreng panrehiyon at isa sa mga kumander ng BHB sa Timog Katagalugan at sa mga Pulang mandirigmang sina Jomari "Ka Jonel" Palomar, Ka Kardo, Ising "Ka Mutya" Domingo at Sandy "Ka Tau" Broncano. Humugot tayo ng hindi masasaid na inspirasyon at rebolusyonaryong lakas sa kanilang kadakilaang iambag ang buong talino, buhay at lakas sa dakilang simulain

ng pambansang demokrasya at sosyalismo hanggang sa huling hininga. Hanguan natin ng gintong aral ang kanilang mga turo at mabuting halimbawa upang gabayan ang ating praktika sa rebolusyonaryong pagpupunyagi.

Ipagdiwang natin ang mga nakamit nating tagumpay sa kilusang pagwawasto sa nakaraang dalawang taon at ang ating mga tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan sa nakaraang 57 taon. Hamunin natin ang ating mga sariling mahigpit na tanganan ang gabundok pang mga tungkulin sa kilusang pagwawasto upang palakasin ang Partido at dalhin sa bagong yugto ng pagsulong ang rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka.

Taglayin natin ang di-matitinag na pananalig sa maaliwalas na bukas ng rebolusyong Pilipino sa harap ng napakainam na kalagayang pandaigdig at pambansa batay sa pundasyon ng mga tagumpay ng Partido sa kilusang pagwawasto. Sa diwang ito, gagampanan ng ating Partido ang kanyang tungkuling pamunuan ang daluyong ng pakikibaka ng sambayanan laban sa papet, pasista at mandarambong na rehimeng US-Marcos. Sa pamamagitan nito'y mag-aambag tayo sa pagpapanibagong sigla ng pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa sosyalistang bukas ng sangkatauhan.

## I. SUMASAHOL ANG KRONIKONG KRISIS NA NAGTUTULAK SA MAMAMAYAN NA MAGREBOLUSYON

Isang nagngangalit at naliligalig na bulkan ang resulta ng ibayong paglala ng kronikong krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismong US, malalaking kumprador-panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista na kinakatawan ngayon ng naghaharing pangkating rehimeng US-Marcos. Nakadugsong ang krisis na ito sa nag-iibayong paglala ng krisis ng labis na produksyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Bumubulusok ang kapangyarihan ng US bilang dating numero unong imperyalistang kapangyarihan sa daigdig. Sa tangkang patuloy na ipataw ang hegemonya sa daigdig, inuupatan nito ang pagtindi ng banggaan, hanggang sa iputok ang mga gyera laban sa kanyang mga pangunahing karibal na imperyalistang kapangyarihan at nakikibakang mamamayan. Malakas ang tunguhing pasista sa hanay ng mga nangungunang imperyalistang bayan at kanilang mga malakolonya upang lupigin ang pakikibaka ng mga manggagawa at mamamayan ng daigdig. Sa Indo-Pacific, inoorkestra ng US ang konsolidasyon ng kapangyarihan nito sa rehiyon at pinagsisilbi ang Pilipinas sa kanyang pang-uupat ng gyera upang kontrahin ang paglakas ng China.

Bunsod ng imperyalistang pagkubabaw, nabangkarote ang ekonomya ng Pilipinas, lumiliit maging ang yamang nais dambungin at paghati-hatian ng mga lokal na burukrata-kapitalista. Itinulak nitong tumindi ang banggaan para sa kapangyarihan ng naghaharing paksyong Marcos at ng nagnanais bumalik sa tuktok ng kapangyarihan na mga Duterte. Ang tindi ng banggaan ay ngayon lamang masasaksihan sa kasaysayan ng papet na republika. Sa harap nito, patuloy na lumalaban ang sambayanan kahit anupang gawing panunupil ng US at ng naghaharing estado.

Lubhang pinahihirapan ang sambayanan ng pagkabangkarote ng ekonomya at panunupil ng estado. Nagdudulot ito ng kawalan ng estableng trabaho at napakababang sahod, luging pagsasaka dahil sa napakababang produksyon at kita, mataas na upa sa lupa at interes sa utang, sumisirit na presyo ng mga pangunahing bilihin, napakataas na buwis, napakataas na gastos sa edukasyon, pagpapagamot at iba pang serbisyong panlipunan, at mga mapaminsalang sakunang dulot ng pagkawasak ng kapaligiran. Upang ipreserba ang nabubulok na sistema, pinatitindi ng naghaharing uri ang pandarahas at panlilinlang sa mamamayan.


KALATAS 26 Disyembre 2025
ISPESYAL NA ISYU

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com
@southern_tagalog_revolutionary_portal

> ***"Ilusyon ang kaunlaran at industriyalisasyong ipinagmamalaki... Naganap at patuloy na nagaganap dito ang ibayong paglala ng malapyudalismo at pangwawasak sa mga pwersa sa produksyon."***

Niyuyurakan ng sukdulang papet, pasista, parasitiko at mapang-aping sistemang ipinagtatanggol ng rehimeng US-Marcos ang sambayanang Pilipino. Napopoot ang mamamayan sa sistema at naghahangad ng tunay na panlipunang pagbabago. Higit na lumilinaw ngayon ang pangangailangan para sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan upang wakasan ang krisis at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya na may sosyalistang bukas.

Kung tutuusin pasilip lamang sa tindi ng krisis at grabeng kabulukan ng estadong malakolonyal ng US ang malakihan at sistematikong korapsyon sa mga proyektong imprastraktura ng reaksyunaryong gubyerno na pumukaw sa matinding disgusto ng bayan ngayong taon. Ang rehiyong TK ay biktima ng karima-rimarim na modus ng mga burukrata– narito ang 13% o 162 ng kabuuang 1,265 proyektong *flood control.* Kabilang sa mga kontraktor nito sina Discaya at Zaldy Co na nasa listahan ng 15 kontraktor na iniimbestigahan sa Senado. Nakakalat sa halos lahat ng probinsya sa rehiyon ang 20% o ₱17B sa ₱83B na pondong hawak ng mga buwayang ito. Habang nagpapakasasa ang iilan sa ninakaw na yaman, nalulunod naman sa baha ang mamamayan. Sa taong 2025 lamang, nagdusa sa baha at pagkawasak ng kabuhayan ang aabot sa 1,217,075 indibidwal na apektado ng anim na bagyo (Crising, Emong, Opong, Dante, Tino, Uwan).

## OBHETIBONG KALAGAYAN

Tunay na may natatanging papel ang rehiyong TK sa bansa bunsod ng pisikal at panlipunang tereyn nito. Taglay nito ang pinakamalaking populasyon sa bansa na umaabot na sa lampas 20.1 milyong katao (16.9M sa CALABARZON at 3.2M sa MIMAROPA) o bumubuo sa 17.3% ng kabuuang 116 milyong Pilipino. Sa mga probinsya, pinakamalaki ang populasyon ng Cavite (4,573,884), Laguna (3,687,345) at Rizal (3,416,541). Ang CALABARZON din ang pumapangalawa sa rehiyong may pinakamalaking ambag sa Gross National Product (GNP) na katumbas ng ₱3.27T o 14.7%, sunod lamang sa NCR. Lubhang malayo naman ang 1.9% ambag ng MIMAROPA sa GNP. Kung pagsasamahin ang mga ito, umaabot sa 16.6% ang ambag ng TK sa GNP.

Ang CALABARZON ang ipinamamarali ng papet na estadong neokolonyal na gawing industriyalisado, maunlad at masaganang rehiyon simula pa nang ipatupad ang Philippines 2000 ng rehimeng US-Ramos noong 1992. Itinakda naman ang MIMAROPA na pagkunan ng hilaw na materyales at enerhiya. Matapos ang mahigit tatlong dekadang pagpapatupad ng nasabing neoliberal na patakaran at programa, kabaliktaran ang naganap: higit na naging busabos, naghihirap at api ang kalagayan ng mamamayan ng TK. Pinaka-naghihirap ang masang magsasaka, manggagawa at malamanggagawa. Lubhang lumiit ang kita at bumababagsak naman sa pagiging manggagawa ang malaking bilang ng petiburgesya sa kalunsuran. Binubura ng imperyalismo ang uring pambansang-burgesyang Pilipino at dinadala sa pagkabangkarote ang mga lokal na negosyo. Sa kabilang banda, bundat sa dinambong na yamang nilikha ng sambayanan sa rehiyon ang mga oligarkiya sa pinansya, mga monopolyo-kapitalistang dayuhan (MKD) at ang mga kasabwat nilang lokal na naghaharing uring malalaking kumprador-panginoong maylupa at burukrata-kapitalista.

Ilusyon ang kaunlaran at industriyalisasyong ipinagmamalaki ng mga naghaharing-uri sa rehiyong TK. Naganap at patuloy na nagaganap dito ang ibayong paglala ng malapyudalismo at pangwawasak sa mga pwersa sa produksyon. Patunay sa pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon ang tuluy-tuloy na pagkalugmok ng produksyong agrikultural bilang siyang dapat na pundasyon ng kaunlarang industriyal ng bansa. Konsistente ang pagbagsak ng bahagi ng agrikultura sa nililikhang yaman ng rehiyon kung saan naglalaro lamang sa 3-5% sa nakaraang 20 taon. Pinakamalala ang inabot nitong rehimeng Marcos kung saan 4.4% lang ang bahagi ng agrikultura sa GDP ng rehiyon noong 2024. Malayung-malayo na ito kung ikukumpara sa pambansang abereyds noong dekada 70 at 80: 27.22% (1970), 25.65% (1982) at 30.7% (1986).

Winasak ng neoliberalismo ang kapasidad ng agrikultura na lumikha ng dagdag na halaga.

Una, binaha ng mga *imported* na mga *input* sa agrikultura ang pagsasaka, bagay na humigop ng malaking kita mula sa lupa. Simula pa ito noong panahon ng matandang Marcos. Anumang inilaki ng ani ng mga pananim ay napupunta lamang sa pagbabayad sa mamahalin at *hybrid* na binhi, abono, pestisidyo at iba pang mga makinarya sa pagsasaka na pawang nagmula sa kapitalistang mga bayan. Ang netong epekto nito ay ang pagkalugi ng maliliit na magsasaka at ang pagtigil sa pagsasaka. Ikalawa, ipinatupad ang labis na pag-aangkat ng mga produktong agrikultural kagaya ng bigas, asukal, bawang, sibuyas, karneng manok, karneng baboy, isda at iba pa na nagdudulot ng pagkalugi ng lokal na magsasaka at mangingisda at pagtaas ng presyo ng pagkain. Titigil na sa pagtatanim at pamamalakaya ang mga nabanggit na uri at sektor kaya liliit ang produksyon sa pagsasaka, pangingisda at akwakultura. Ikatlo, malawakang pagpapalit gamit ng lupa para magtayo ng napakaraming industriyal at komersyal na establisimyento na pawang nagsisilbi sa pakikipagnegosyo at pakikipagsosyo sa mga MKD.

Ang ipinagmamalaking sektor ng "industriya" na pinagmumulan ng 49% ng GDP ng CALABARZON ay pag-aari ng malaking mayorya ng mga monopolyo-kapitalistang dayuhan (US, Japan, China, Europe) at hindi ng mga Pilipino. Umaabot sa 60% ng *total merchandise exports* ng sektor sa manupaktura ay produktong *electronic* at *semiconductors* ngunit pawang nanggaling sa mga pabrikang nakatuon sa *assembly, testing, and packaging* (ATP). Pulos *imported* pa ang mga sangkap na gamit dito.

Tampok na pinakamalalaking kumpanya sa *electronic* at *semiconductor* ang Texas Instruments, Analog Devices, at NXP Semiconductors (Nexperia). Matatagpuan ang mayor na planta ng mga ito sa mga *industrial* at *economic zones* sa Laguna at Cavite at mahigpit na nakatuon sa pagluluwas ng kanilang mga produkto sa US, China, Japan at EU. Ganito rin ang itsura ng industriya ng awtomotib kung saan nakapokus lamang sa pag-asembol ng mga sasakyan, trak, motorsiklo at ngayon ay sa *electric vehicles* at pag-eeksport ng mga bahagi ng mga sasakyan. Tampok dito ang kumpanyang Yazaki-Torres at EMI (na Yazaki din ang may-ari) na nasa Laguna at Cavite at tumututok sa *wire harness* ng mga sasakyan. Labas dito, napakaliit na ng bahagi ng Food and Beverages, Chemicals and Petrochemicals at kahit dito, ang pangunahing mga makinaryang ginagamit sa mga empresa ay imported.

Hindi maitago ng datos ng reaksyunaryong gubyerno ang tuluy-tuloy na pagbagsak ng manupaktura kumpara sa sumisirit na sektor sa serbisyo. Ang sektor ng serbisyo na lubhang tinututukang "paunlarin" ay ginawa upang paglingkurin sa pangangailangan ng mga kumpanya't negosyong dayuhan, para sa luho ng mga naghaharing-uri at para paghuthutan ng supertubo ang mamamayan kasabay na padulasin pang lalo ang bentahan ng mga surplas na produktong dayuhan. Isang kabalintunaan na bagamat umabot sa *digital age* ay hindi pa rin kinakaya ng industriyang Pilipino sa sarili niya na lumikha ng isang buong makina o kahit na bisikletang yaring lokal ang mga piyesa.

Hindi industriyalisasyon at tunay na kaunlaran para sa bansa at mamamayang Pilipino ang isinakatuparan ng imperyalismo at ng kasabwat nilang lokal na naghaharing-uri kundi ang maitim na layuning likhain ang reserbang hukbo ng aliping manggagawa upang pagpigaan ng supertubo, dambungin ang likas na yaman ng Pilipinas at maging bentahan at taga-konsumo ng mga yaring produkto ang mamamayan ng mauunlad na bansa. Inihulma maging ang sistema ng edukasyon para tiyaking malikha ang reserbang hukbo ng paggawa na palaging handang balon ng mapagkukunan ng mura at aliping paggawa ng MKD at malalaking kumprador.

Resulta nito, lumobo ang bilang ng manggagawa at malamanggagawa sa CALABARZON. Ang CALABARZON ang isa sa mayor na naging takbuhan ng mga magsasakang pinalayas sa kanilang lupain at mga mamamayang inagawan ng kabuhayan sa kanilang mga probinsya. Nasa CALABARZON ngayon ang pinakamalaking bilang ng mga ***habambuhay na migrante***[1] na umaabot sa bilang na 6.23 milyon, 20.8% ng kabuuang 29.87 milyon sa buong bansa. Pinakamarami din ang intra-rehiyon na migrasyon patungong CALABARZON na umaabot sa 1.72 milyong Tagalog na kinategoryang habambuhay na migrante. Sa huling limang taon, mula 2015

*1 isang tao na ang lugar ng paninirahan sa panahon ng census o surbey ay naiba sa kanyang lugar ng kapanganakan*

hanggang Mayo 2024, pinakamalaking bilang ng mga lumipat patungong CALABARZON ay galing sa NCR. Nagkulumpon ang mga ito sa Cavite, Laguna, Rizal at Batangas kung saan din matatagpuan ang pinakamaraming engklabong industriyal, *economic zones, industrial centers* at mga planta ng enerhiya.

Lumaki mula 4.729M noong 1988 tungong 12.07M pagdating ng 2024 ang tinatawag na potensyal na pwersa sa paggawa[2] sa buong CALABARZON o paglaki ng 7.329M mula 1988. Sa kabilang banda, nagaganap ang ***semiproletaryanisasyon***[3] sa kanayunan, resulta ng pagkawasak ng agrikultura, pagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang lupain at ibayong konsentrasyon ng lupain sa kamay ng mga dayuhan at kumprador-panginoong maylupa.

Sa klasipikasyon ng reaksyunaryong gubyerno, noong 2020-2024, umabot na sa 67% ng populasyon ng CALABARZON ay urban. Malayu-layo na ito sa kanilang datos noong 1980 kung saan maikakategoryang rural ang 73% ng populasyon sa CALABARZON. Nais nitong ipakete na "nag-iindustriyalisa" ang CALABARZON. Gayunpaman, malaki at makabuluhang bahagi pa rin ng mga probinsya sa CALABARZON ang may sakahan o kabukiran na pinaninirahan ng masang magsasaka.

Sa kabilang panig, di hamak na malawak ang kalupaan at populasyong rural ng MIMAROPA at maging ng lalawigan ng Quezon. Sa mga ito, matatagpuan ang lubhang dominanteng populasyong magsasaka, na ang karamihan ay nabibilang sa pinakamahihirap na mamamayan sa kanayunan: ang maralitang magsasaka, manggagawang bukid at mababang panggitnang magsasaka.

Bumabaha ang populasyon ng reserbang hukbo ng paggawa sa rehiyon ngunit hindi kinakayang bigyan ng trabaho ng mga sinasabing industriya. Noong 2018, mayroong naitalang 520,333 sahurang industriyal na manggagawa sa 56 engklabo at 2,061 empresa. Hindi kabilang dito ang mga **MSMEs**[4] na nasa labas ng mga *ecozones*. Noon namang 2019, may naitalang 163,710 MSMEs na nag-eempleyo ng 815,616 manggagawa. Ang 520,333 sahurang manggagawa sa mga engklabong industriyal ay 4.3% lamang ng kabuuang 12.07M potensyal na lakas paggawa sa CALABARZON at halos 7% ng kabuuang 7.82M paggawa na kinategorya ng estadong may trabaho. Ang bulto ng tinaguriang manggagawang industriyal ay nasa Laguna, Cavite at Batangas.

---

2 *Edad 15 pataas, PSA*

3 *"Ang semiproletaryanisasyon ng masang magsasaka sa kanayunan. Bunga ng mabilis na pagsahol ng kronikong krisis ng malapyudalismo at pyudalismo, ng pangwawarat ng patakaran ng "malayang pamilihang" globalisasyon – ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon – na pangunahing tumatama sa lahat ng sektor ng agrikultura ng bansa, mabilis na winawasak ang kabuhayan ng masang magsasaka at iba pang maralita sa kanayunan sa walang kaparis na bilis, lawak at saklaw sa nakaraang mga taon at dekada. Maramihang kinikitil ang hanapbuhay sa kanayunan. Kaalinsabay, pinabibilis ang konsolidasyon at rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga panginoong maylupa, malaking burgesya-kumprador at mga dayuhang monopolyo-kapitalista. Sa parehong paraan, pinabibilis ang proseso ng semiproletaryanisasyon ng masang magsasaka o ang proseso ng paglusaw sa mga maliliit at nagsasarili na nagsasakang pamilya tungo sa mga malaproletaryado at manggagawang bukid na pangunahin nang umaasa sa pagbebenta ng lakas-paggawa para sa mga trabahong nakaugnay sa agrikultura, industria at serbisyo o pagiging mga odd jobbers sa kanayunan at kalunsuran."*

*"Ang semiproletaryanisasyon ng masang magsasaka ay di isang transisyon tungo sa isang kapitalistang moda ng produksyon kundi iniluwal ng mabilis na reproduksyon ng samu't saring pyudal at malapyudal na anyo ng pagsasamantala at pambubusabos. Kakambal ng mga operasyong ito ang walang kapantay na karukhaan sa lipunan na pinagrabe nang libong ulit ng mabilis na pagsahol ng kronikong krisis ng sistemang pyudal at malapyudal.*
*Ang prosesong ito ay produkto ng pagkawasak ng kabuhayan at produksyong agrikultural sa buong lipunan, ng maramihang pagpapalayas sa masang magsasaka sa mga lupang sakahan bunga ng malawakang pangangamkam ng lupa sa tabing ng serye ng mga huwad na reporma sa lupa, ng patuloy na paglaki ng hukbo ng mga walang trabaho at di makatagpo ng trabaho sa kanayunan, ng pagwasak ng mga mapanirang proyekto sa kaunlaran ng reaksyunaryong estado sa mga produktibong komunidad, ng mga operasyong pagmimina at iba't ibang iskema na naghahawan ng daan para sa mabilis na rekonsentrasyon ng lupa at muling konsolidasyon nito sa kamay ng mga panginoong maylupa't burges-kumprador at dayuhan.*
*Ito'y isang proseso ng semiproletaryanisasyon hindi para tipunin ang isang dambuhalang hukbo ng handang paggawa para pangunahing maglingkod sa industria at manupaktura tulad ng nangyaring rebolusyon sa industria sa Europa noong ika-18 siglo na hudyat ng transisyon ng nagbabagong moda ng produksyong pyudal tungong kapitalismo; kundi para maging handang reserbang paggawa para sa samu't saring trabaho na nakatali at nakaugnay sa libong hibla ng atrasadong produksyong agrikultural at mga operasyong kakabit ng ekonomyang komprador. Ang imperyalistang dominasyon sa ekonomya ng Pilipinas ang nagpapanitili sa kaayusang pyudal at malapyudal ng bansa at nananatiling nag-iisang malaking sagka para umalpas ang buong lipunan mula sa kalagayang atrasado at naghihikahos." Mula sa: Ilang Usapin Lumitaw sa Pag-aaral sa Moda ng Produksyon ng mga Mayor na Agrikultural na Pananim, KTKR-TK, Setyembre 2003*

4 *Micro, Small and Medium-Sized Enterprises (SME's) ay nangangahulugan na mga empresa na nag-eempleyo ng mula 1-199 manggagawa ((Micro 1-9, Small 10-99, Medium 100-199) at ng laki ng asset (Micro hanggang 3,000,000, Small 300,000,001-P15,000,001, Medium P15,000,001-P100,000,000)*

Kung pagsasamahin ang bilang ng mga manggagawa sa mga engklabo at *MSMEs*, noong 2018-2019, aabot sa kabuuang 1,335,949 ang bilang ng manggagawa sa rehiyon. Ipagpalagay pang nadagdagan ito ng 25% batay sa *average* na 5% GDP *growth* ng CALABARZON mula 2021-2025 (hindi na isinama ang 2020 dahil sa pagbagsak bunga ng pandemya), madadagdagan lamang ito ng 333,987 bilang ng manggagawa at kung gayon ay matatayang may kasalukuyang 1,669,936 manggagawang nasa *industrial enclaves* at MSMEs sa rehiyon. Katumbas ito ng 13.8% ng 12.07 milyong potensyal na lakas paggawa at 21% ng 7.82M lakas paggawang may hanapbuhay—wala pang sangkapat ng "may trabaho".

Malaki ang bilang ng malaproletaryado na matatagpuan sa kalunsuran at kanayunan ng TK. Mayroong 2,076,040[5] o 17% ng lakas paggawa na mga malaproletaryado sa kalunsuran at eryang urban ng rehiyon. Dahil hindi makapasok sa mga pabrika ay naghahanapbuhay bilang mga drayber, konduktor, katulong, serbidora, *gig workers*, magtitinda ng kung anu-ano at iba pa para lamang mabuhay. Sa kanayunan, binubuo ng malaproletaryado ang 75% ng populasyong magsasaka na nabibilang sa maralitang magsasaka, manggagawang bukid at mababang panggitnang magsasaka na dahil sa malaking kakapusan sa kita sa bukid, obligadong magbenta ng lakas paggawa para maipandagdag sa kabuhayan ng pamilya. Bumibilang sila sa hindi bababa sa 5,431,500[6]. Kapag pinagsama ang malaproletaryado sa kalunsuran at sa kanayunan, lolobo sa 7,507,540 ang kanilang bilang na bumubuo sa 62.2% ng potensyal ng lakas paggawa. Ang mga ito ang masang anakpawis na lubhang naghihirap at sa desperasyong mabuhay ay pumapasok sa kung anu-anong trabaho na napakababa ng sahod at hindi makatao ang umiiral na sistema ng paggawa. Baon sila sa utang sa mga usurero kabilang ang malaganap na *microfinance, lending* at *pawnshop*. Ang mga ito ang nagsisilbing reserbang hukbo ng paggawa, ang kadluan ng murang paggawa sa rehiyon at bansa ng mga MKD at mga malalaking kumprador-panginoong maylupa.

Pinagtibay at malupit na ipinatutupad ng papet na burukrata-kapitalistang estado ang mga patakaran sa kapakinabangan ng mga MKD at mga kumprador sa kapinsalaan ng mga manggagawa at mamamayan. Tampok ang Herrera Law, Two-Tiered Wage System at ang pinakahuli ay ang CREATE Law. Umuulan ng pribilehiyo para sa mga MKD: libreng buwis sa loob ng 4-7 hanggang 15 taon; 5-10% na bawas sa ibinabayad na *corporate income tax; exemption* sa VAT para sa mga iniimport at *zero* VAT din sa mga bibilhing kagamitan sa Pilipinas; *exemption* sa pagbabayad sa pagpapasok ng mga *imported* na *capital equipment,* hilaw na materyales at *spare parts*; at iba pang programa para makabawas ng gastusin sa pagsasanay, *power consumption* at mismong paggawa. Kakabit nito ang pagtiyak na maipatupad ang supil na paggawa sa pamamagitan ng mga patakaran tulad ng *No union, No strike.*

Sa pamamagitan ng mga batas at patakarang nabanggit, ang mga engklabong industriyal sa rehiyon ay naging paraiso para sa mga MKD at malalaking burgesya kumprador kasabay na nagsilbing bilangguan ng mga aliping manggagawang nagdurusa sa napakababang sahod, kawalan ng kaseguruhan sa trabaho, busabos na kundisyon sa paggawa at paniniil sa karapatan.

Umiiral ang napakababang ₱600 na minimum na sahod sa CALABARZON na katumbas lamang ng 52% ng dapat na ₱1,158 nakabubuhay na sahod. Hindi pa nasiyahan, mas mababa pa sa itinakdang minimum ang aktwal na ipinatutupad ng mga dayuhan at kumprador na nagkakahalagang ₱425-560. Sa kumpanyang Nexperia kung saan umaabot sa 40,000 yunit na may kabuuang halagang $40000 ang nagagawa ng mga manggagawa sa loob ng isang araw na trabaho, nag-aabereyds lamang sa napakababang ₱700 ang arawang sahod. Mumo lamang ito na katumbas ng .03% ng halagang kanyang nilikha habang napunta sa kapitalistang Nexperia ang halos kabuuan ng nilikhang yaman ng mga manggagawa. Sa MIMAROPA, higit pang mas mababa sa ₱430 ang minimum na sahod na katumbas lamang ng 34.5% ng dapat na ₱1,243 nakabubuhay na sahod dito. Mahihinuha kung gaano kinakapos at naghihirap ang bawat pamilyang manggagawa upang tugunan ang kanilang arawang pangangailangan.

---

5 Formula: sa given: 12.07M potensyal na paggawa sa rehiyon; bawas ng 7% na petiburgesya, 2% na pambansang burgesya at 60% na mga magsasaka = 2,076,040

6 Formula: sa given: 12,07M potensyal na paggawa sa rehiyon x 60% magsasaka = 7,242,000 x 75% batayang saray = 5,431,500

Lahat ng mga manggagawa ay nakakaranas ng pahirap na patakaran sa pleksibleng paggawa. Umaabot sa 70% ng mga manggagawang nagtatrabaho sa mga pabrika ang kontraktwal at obligadong mag-*renew* ng kontrata tuwing ikatlo hanggang ikaanim na buwan. Nagaganap ito kahit ilang dekada nang nagtatrabaho sa pabrika ang manggagawa.

Tinitiyak ng sabwatang kapitalista at estado ang supil at sunud-sunurang paggawa. Noong 2018, sa 165,711 empresa, kung saan kulang 3,000 ang nasa engklabong industriyal, wala pang 3% ang may nakatayo at gumaganang unyon. Karaniwan pa ng mga unyong nakatayo ay mga *management unions* na tuta at sunod-sunuran sa mga kapitalista. Agad na binubuwag ang mga unyon kahit sa pagsisimula pa lamang ng pagbubuo nito. Pinapaslang, ginigipit, kung hindi man ay pinapatalsik ang mga lider at kasapi ng mga unyon. Sa kabila nito, patuloy na nagtatagumpay ang progresibong kilusang manggagawa na ipaglaban ang kanilang karapatang magtayo ng unyon upang maging isang malakas na organisasyong magdadala at magtatanggol sa interes ng mga manggagawa.

Tulad ng mga manggagawa, wala ring aasahang magandang bukas ang mga magsasaka sa ilalim ng bulok na sistema. Walang tunay na reporma sa lupa, bagkus lalupang nakonsentra ang lupain sa kamay ng pinakamalalaking kumprador panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista. Inagawan at pinalayas sa kanilang lupain ang milyong magsasaka at mamamayan upang bigyang daan ang pagpapalit gamit ng lupa tungong komersyal-industriyal, residensyal, libangan, minahan, *renewable energy projects,* plantasyon ng mga pananim ng dayuhan atbp. Sa loob ng 20 taon, hindi bababa sa 315,759 (hindi pa kasama ang nakumbert mula 2016-2025) libong ektaryang agrikultural ang pinalitan ng gamit. Pangunahing naapektuhan nito ang Cavite, Laguna, Batangas at Rizal na mga sentro ng mga itinayong engklabong industriyal.

***"Dahil hindi libre ang reporma sa lupa at huwad ang batas, muling napapasakamay ng iilang kumprador-panginoong maylupa ang mga lupain bunga ng pagkabangkarote ng mga magsasaka at pagbawi mismo ng estado sa mga parselang "naipamahagi na".***

Malaking kasinungalingan ang diumanong pagkakamit ng 94.3% (205,313 ektarya) at higit 100% (191,175 ektarya) pamamahagi ng lupa sa CALABARZON at MIMAROPA sa bisa ng PD#27 mula 1972 at ng programang CARP-CARPER hanggang 2024[7]. Dahil hindi libre ang reporma sa lupa at huwad ang batas, muling napapasakamay ng iilang kumprador-panginoong maylupa ang mga lupain bunga ng pagkabangkarote ng mga magsasaka at pagbawi mismo ng estado sa mga parselang "naipamahagi na". Tampok dito ang karanasan ng 10,000 magsasaka sa Hacienda Roxas sa Batangas kung saan ilang taon matapos ang paggagawad ng CLOA at "pamamahagi" ng lupa ay muling inagaw ng mga Roxas ang lupa mula sa mga benepisyaryong magsasaka. Ganito din ang nangyari sa mga magsasaka sa Guinubatan, Calapan Oriental Mindoro at mga katutubo sa lupain ng mga Almeda sa Abra De Ilog, Occidental Mindoro.

Sa kasamaang bulag na sundin ang neoliberal na patakaran ng US, inabandona na ng estado ang pagpapaunlad sa agrikultura at kung may pagbanggit man ay palamuti't pampapogi na lamang. Wala nang plano ang naghaharing papet na estado na likhain ang sapat na masustansyang pagkain at iba pang batayang pangangailangan ng mamamayang Pilipino.

Bangkarote ang mga magsasaka ng palay gayon din ang buong industriya ng palay. Hindi sapat na sabihing pinabayaan ang pagpapunlad sa industriya ng palay, sa eksakto'y pinapatay na ito ng papet na estado. Sa mga nakaraang dekada, kumitid ang lupang tinatamnan ng palay sa Pilipinas bunsod ng malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa. Nawaldas ang lupaing agrikultural, pangunahin na ang mga palayan. Sa Laguna lamang, nabura sa mapa ang hindi bababa sa 50,000 ektaryang palayan mula sa dating 80,000 ektarya noong 1992 bago magsimula ang proyektong CALABARZON. Patuloy ang pagbagal ng industriya at napag-iwanan na ito ng mga karatig bansa sa Asia gaya ng Thailand, Vietnam at Indonesia. Sa tabing ng pagtitiyak ng suplay ng bigas at pagpapababa ng presyo ng pagkain, isinakatuparan ang Rice

7 *Mula sa Philippine Statistical Yearbook 2024*

Liberalization Law at pinasahol ang neoliberal na patakarang importasyon ng bigas. Resulta nito, ang Pilipinas na dating nangunguna sa produksyon ng palay ay isa na ngayon sa nangungunang bansa sa daigdig na nag-aangkat ng bigas sa nakaraang dekada.

Tanging mga MKD at malalaking kumprador na nagmamay-ari ng mga *hybrid* na binhi, kemikal na abono, pestisidyo at mga luma't bagong tipong panginoong maylupa na nagmamay-ari ng lupa, mga makinaryang *combine harvester* at traktora at mga komersyante lamang ang nakikinabang sa bunga ng pinagpawisan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa palayan. Sa isang kasong aralin ngayong 2025 sa Occidental Mindoro, kumita lamang ng ₱117 bawat araw ang isang magsasakang may sariling lupa na 2.5 ektarya, habang ang maralitang magsasaka na nagsilbing katulong sa bukid ay kumita lamang ng ₱96 bawat araw. Ang mga manggagawang bukid naman ay kumita lamang ng ₱300 sa bawat isang araw na pagpapaupa sa mga trabaho sa palayan. Lubhang napakalayo nito sa ₱1,243 dapat kitain ng isang pamilyang may limang katao.

Sa kabilang banda, ang may-ari ng *combine harvester* ay kumopo ng 30 kaban (ayon sa kairalang 12 kaban hunos bawat ektarya) sa 170 kaban na inani. Hinuthot din ng komersyante-usurero sa palay ang tubo sa napakamurang pagbili ng palay ng magsasaka, ₱14/kilo. Tubong-lugaw din ang mga komersyante sa pagbenta ng napakamahal na abono't pestisidyo. Ang dating presyo ng isang sako ng *urea* na ₱579.75 noong 2003 ay umaabot na ngayon sa ₱1,800 at ang dating ₱496.50 *complete*, ngayon ay ₱1,450 na. Pumarte pa ang usurero ng ₱5,000 sa 10% na interes mula sa inutang ng magsasaka na ₱50,000 para tustusan ang kanyang pagsasaka.

Epekto ng neoliberal na patakarang mag-import ng asukal ang pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc. sa Batangas na nagsimula noong 2022 at nakumpleto noong 2024. Ang CADPI ang pinakamalaking asukarera sa rehiyon na nag-iilo sa mahigit 90% ng aning tubo. Bunsod nito, nabulok ang inaning tubo sa simula ng pagsasara hanggang sa natigil na ang pagtatanim ng tubo sa mga sumunod na taon. Walang awa nitong pinatay ang kabuhayan ng ilampung libong manggagawang bukid sa rehiyon laluna sa lalawigan ng Batangas. Katumbas ito ng gutom at dislokasyon sa kabuhayan laluna ng higit na mas malaking bilang ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan.

Umiiyak ang mga magsasaka ng sibuyas sa pagkalugi dulot ng importasyon ng papalaking bolyum ng sibuyas. Masama pa, itinaon ang pag-aangkat ng sibuyas sa panahon ng anihan ng magsasaka. Labis nitong ibinaba ang presyo ng pagbili sa mga magsasaka samantalang napakataas ng presyo ng sibuyas sa palengke. Tumabo nang malaki ang mga sindikato sa agrikultura na kinabibilangan ni Liza Marcos mula sa napakatusong iskema. Ganito din ang kalagayan ng iba pang produktong agrikultural na pinaghihirapan ng mga magsasaka at mamamayan.

Niyog ang maituturing na pangunahing pang-eksport na agrikultural na pananim sa rehiyong TK. Noong 2022, umabot sa 1,190,560 ektaryang lupain ang natatamnan ng niyog at may produksyon na 3,745,501.93 metriko tonelada. Nasa CALABARZON ang 966,796 ektarya at 223,764 ektarya naman ang nasa MIMAROPA. Nananatiling pinakamalawak ang niyugan sa lalawigan ng Quezon (379,137.60) bagamat lumiit ito ng higit 10,000 ektarya kumpara noong 1997. Sa kabuuan, lumawak pa rin ang niyugan sa rehiyon sa paglawak ng natatamnan nito sa Palawan na mayroong 100,073 ektarya.

Sa kanyang SONA noong Hulyo, iniutos ni Marcos ang pagpapatanim ng dagdag pang 15 hanggang 100 milyong puno ng niyog. Tiyak na magiging balon ito ng pondong kanilang kukurakutin kasabay na magbibigay ng tiyak na pagkikitaan ng mga burgesya kumprador bilang pambenta sa pangangailangan ng MKD. Magtatampisaw sila sa tubong piniga mula sa pawis ng maralitang magsasaka sa niyugan.

Dumaranas ng grabeng kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi ang mga magniniyog sa rehiyon. Kumikita lamang ng ₱2,161 tuwing 2 dalawang buwang pagkopras ang isang maralitang magsasakang tauhan sa 3 ektaryang niyugan sa Quezon. Mag-aabereyds lamang ito ng ₱36 o wala pang isang dolyar na kita sa bawat araw. Sa kabilang banda, walang kapagud-pagod na humati ang panginoong maylupa ng ₱2,161. Kung ito lamang ang aasahan, mamamatay sa gutom ang pamilya ng magniniyog.

Nagpapatuloy ang monopolyong kontrol ng PML sa lupaing niyugan sa rehiyon. Napakataas ng upa sa lupa sa niyugan na karaniwang 50-50 at 60-40 pabor sa mga PML. Binabalikat ng mga magniniyog ang lahat ng gastos o katumbas din halos ng 80-20 hatian pabor sa PML. Mas malala pa ang tersyuhan at porlibong siste sa mga asyenda. Napakababa ng upa sa kawit, bunot at hilada at maging sa arawang pagtatabas sa niyugan na katumbas lamang ng ₱150-300 sa bawat isang libong niyog at ₱150-200 naman sa bawat araw kung pakain ang mga magtatrabaho.

Sa taong 2025, naitala ang ₱25-27 kilo ng kopra, relatibo sa ₱7 presyo nito noong 2021-2022. Nagpapatuloy ang pag-iral ng sindikatong sistema ng mga iligal na kaltas tulad ng 7%-20% kaltas sa resikada, ₱1-2 kaltas sa tara at gayundin sa taktak na ipinatutupad ng mga PML-Koprada at may-ari ng mga *oil mill*. Hanggang ngayon, patuloy na ipinagkakait sa mga magniniyog ang katarungan sa dinambong sa kanilang pondo ng Coco Levy ng pamilyang Marcos at ng mga kroni nito. Imbes na ibalik, dahas ang ibinibigay sa mga magniniyog na nakikibaka para sa kanilang karapatan sa Coco Levy Fund.

Sa kabilang dako, isinagad at isinasagad ang operasyon ng malakihang mina at pagtatayo ng malalawak na plantasyon sa kapinsalaan ng kapaligiran ng rehiyon. Sa nakaraang mga taon, sentro ng paggahis sa mineral na kayamanan ng bansa ang lalawigan ng Palawan. Noong 2024, mula sa mga minahan sa Palawan ang 99.74% o katumbas ng ₱29,613,454,715.71 ng kabuuang 29,689,304,465 kinita sa pagmimina *(nickel* at *lime)* sa buong MIMAROPA. Pinakamalalaki sa mga ito ang kumpanya sa pagmiminang Coral Bay Nickel Corporation, Rio Tuba Nickel Mining Corporation, Celestial Nickel Mining Exploration Corporation, Citinickel Mines and Development Corporation at Graymont (Philippines) Inc. Delubyo ang kapalit nito para sa mamamayan ng Palawan na siyang sumasapo sa epekto ng kalamidad na pinalalala ng pagwasak sa kapaligiran ng malakihang pagmimina. Nakatakdang manibasib ang pagmimina sa Mindoro matapos ang nakakagalit na desisyon ng reaksyunaryong Supreme Court na pagpabor sa pagbubukas muli ng pagmimina sa isla ng Mindoro sa kabila ng 25-*year mining moratorium* na naipagtagumpay ng kilusang masa ng mamamayan ng Mindoro sa nakaraan.

Higit pang tumindi sa lupit at panlilinlang ang pasistang paninibasib ng AFP-PNP at ng NTF-ELCAC sa mamamayan sa desperadong hangad nitong ganap na supilin ang rebolusyonaryong paglaban. Pinangungunahan ng NTF-ELCAC at mga sangay nito ang mga panggigipit at paglabag sa karapatang pantao sa rehiyon at bansa.

Itinindig at pinagana ang Joint Task Force Katagalugan at ang mga katugong Joint Task-Forces[8] upang pangunahan ang *joint operations* at sustenidong *focused military operations* laban sa mga larangang gerilya at yunit ng BHB. Mahigpit na katuwang ang pwersang PNP sa mga operasyong ito sa balangkas ng binuong Campaign Plan – Katarungan 2023-2028. Nitong huli, kinategorya ang CAFGU bilang National Guards alinsunod sa modelong US. Hindi lumiit, bagkus pinalaki pa tungong 28 batalyong panagupa ng AFP-PNP-CAFGU ang pasistang tanod sa TK upang supilin ang mamamayan.

Daan-daan hanggang libu-libong mamamayan sa rehiyon ang biktima ng samu't saring anyo ng kalupitan at paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na batas. Naging karaniwan ng ginagawa nang AFP-PNP ang walang habas na pambobomba mula sa lupa at himpapawid, kasabay nang pang-iistraping sa mga sakahan at komunidad ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan. Pangunahing perwisyo sa kabuhayan at ligalig sa buhay ng mga magsasaka at katutubo ang mga militar. Sa tabing ng gyera laban sa "terorismo" isinasagawa ang panggigipit, sapilitang pagpapasuko, paulit-ulit na iligal na interogasyon, mental at pisikal na tortyur, blokeyo sa pagkain, pagkontrol sa galaw ng mamamayan, panggagahasa at pambabastos sa mga kababaihan, iligal na pagkampo sa mga komunidad at eskwelahan at iba pa.

Sa kalunsuran, karaniwan na ang *red-tagging* sa mga lider at kasapi ng mga unyon, lider estudyante, mamamahayag, *human rights defender*, abogado at mga aktibista. Gamit-na-gamit ng NTF-ELCAC ang batas sa Anti-Terror upang sampahan ng kung anu-anong kaso at ipiit ang mamamayang nakikibaka. Higit ang pagtindi ng pagmamanman at pananakot ng AFP-PNP na umaabot hanggang sa pribadong tahanan at pati sa *cyberspace*.

Imbes na mawasak at tumigil, higit pang ginagatungan ng dinadanas na pang-aapi at dahas ng AFP-PNP ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan ng rehiyon.

---

*8 2nd ID & 7th ID Joint Task Group, 2nd ID & 9th ID Joint Task Group at Task Force Mindoro*

## II. ANG ATING KALAGAYAN AT MGA KAGYAT NA TUNGKULIN

Signipikanteng tagumpay ang ating nakamit sa pagpupunyaging palawakin at palalimin ang kilusang pagwawasto kasabay ng pamumuno sa rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran ng rehiyon. Sa kabila nito, may kalakihan pa ang mga kailangan nating gawing pagsisikap at pag-iibayo ng determinasyon upang matuto sa ating mga pagkakamali, ampatin ang mga pinsala at pag-atras at iugit ang wastong landas at pamamaraan ng pagsulong.

May paglawak at paglalim ang kilusang pagwawasto sa rehiyon at sa gayon nagtatagumpay tayong palawakin at konsolidahin ang Partido sa isang antas. Nagtuluy-tuloy, bagamat kumpara sa nakaraang dalawang taon, relatibong bumagal ang mga pag-aaral alinsunod sa kurikulum ng kilusang pagwawasto. Nakamit na maisagawa ang komprehensibong paglalagom sa dalawang taong rebolusyonaryong praktika ng halos lahat ng mga organo ng Partido sa rehiyon sa batayan ng panrehiyong komprehensibong paglalagom. Alinsunod dito, matapat na naisagawa ang pamumuna at pagpuna-sa-sarili ng mga kadre ng Partido at sa pamamagitan nito'y higit na nakamit ang mas mataas na antas na pagkakaisa. Resulta nito, kinayang makapagpunyagi ng mga komite ng Partido sa pinakamahihirap na kalagayan at patuloy na nagawang makapagpunyaging isulong ang mga gawain.

Sa isang banda, malaki pa ang kailangang tulak upang mapagpasyang kumprontahin, banatan, ilantad at alisan ng impluwensya ang burges na suhetibismo at ang iniaanak nitong liberalismo, burukratismo, ultra-demokrasya at pesimismo. Karaniwang ugat nito ang kakapusan sa pag-aaral sa teorya, kongkretong kalagayan ng rebolusyon at masa, hindi pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at kasamaan ng estilo ng paggawang hindi lumubog sa masa. Nagpapalubhang salik ang hindi lubusang pagwawaksi sa indibidwalismong petiburges at gawi at kabiguang hubugin ang sarili alinsunod sa proletaryong paninindigan at pananaw.

May kalalaan pa ang empirisistang gawi ng hindi pagsasagawa ng sapat-sa-lalim at laman na panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri-sa-uri na epektibong magagamit sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa partikular na saklaw ng responsibilidad. Nagdudulot ito ng hindi akmang mga pagsusuri, linya, taktika at mga plano sa pagsasakatuparan ng gawain. Nakakapaghiwalay ito sa atin sa masa ng sambayanan at sa masang kasapian na ating pinamumunuan. Bulnerableng tamaan ng pagkasiphayo ang kulang sa pagsisiyasat, dahil sa natatamo nilang tuluy-tuloy na kabiguan at hindi mabungang gawain.

Ang mga komite ng Partido kung saan nakapamayani o nakaimpluwensya nang malakas ang mga kamaliang ito ang hindi nakaampat sa mga pinsala at pag-atras at nakalasap ng malalaking kabiguan sa lahatang-panig na pagsasakatuparan ng mga gawain.

Sa mas malawak na saklaw, marubdob na pinagpunyagian nating hawakan at isulong ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Nagawa nating ipreserba ang armadong lakas ng BHB nang may malaki pang kailangang tulak upang ganap na makaalpas sa tuluy-tuloy na paghina at pagkapasibo kapwa sa pulitika at militar sa harap ng hindi pa naiwastong mga kahinaan at pagkakamali at higit pang bumangis na atake ng kaaway. Sa ilang larangang gerilya, nagtagumpay tayong muling makapagpalawak, muling mabalikan at makumpuni ang baseng masang naiwan at makonsolida ang katamtamang bilang. Ipinakita din ng mga yunit ng BHB ang mataas na kahandaan at sapat na kahusayan sa pagsasagawa ng aktibong depensa sa tuwing napapalagay sa hindi naiwasang mga labanan. Malaking kakulangan pa natin ang kabiguang mahigpit na panghawakang isulong ang pakikibakang anti-pyudal bilang susing kawing sa pagpapasigla't pagpapayabong ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa kanayunan. Kailangan pang patuloy na iwaksi ng ilan sa ating mga komite sa kanayunan ang burukratikong estilo ng pamumuno.

Patuloy na sumulong ang pakikibakang masa sa kalunsuran alinsunod sa linyang anti-pasista na itinataas sa anti-imperyalistang linya't pinapalalim ng linyang anti-pyudal. Masiglang naging bahagi ang kilusang masa sa kalunsuran ng rehiyon sa sumigabong pakikibaka laban sa korapsyon sa buong bayan. Nakapagpakilos ito ng ilampung libo at inabot ang milyong mamamayan. Matapang at maingay ang anti-pasistang paglaban ng masa sa mga paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Nagtagumpay ang ilang welga at pakikibakang manggagawa sa rehiyon na nagbigay ng inspirasyon sa kilusang manggagawa.

Patuloy ang masiglang pagsulong ng kilusang kabataang estudyante sa gitna ng panunupil at panlilinlang ng NTF-ELCAC. Mayroong sumusulong na laban ng mga magsasaka, malaproletaryado, maralitang komunidad at mangingisda sa harap ng pagpapalayas sa kanila sa kanilang lupaing sakahan, panirikan at kabuhayan. Gayunman, masasabing maliitan at pauntol-untol pa ang napapaluwal na lakas at sigla ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran.

## 1 PALAKASIN ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

Kailangan nating palakasin ang Partido at para magawa ito, kinakailangang matama nating pag-aralan ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ilapat ito sa kongkretong praktika ng ating pagrerebolusyon. Kailangan nating dalhin sa tagumpay ang kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga tungkuling dapat kamtin sa pagsasakatuparan nito. Kasabay nito, dapat itong tumagos hanggang sa mga batayang organisasyon ng Partido na namumuno sa mga organisasyong masa. Dapat nating hubugin ang ating mga sarili tungong proletaryong rebolusyonaryo at iwaksi ang dala-dala nating pyudal at burges na pananaw at gawi na tatak ng uri na ating pinanggalingan. Kailangan nating lubos at buu-buong paglingkuran ang sambayanan nang may pinakamataas na pangangalaga sa kaligtasan ng Partido at masa. Dapat tayong pumunta sa kung saan matatagpuan ang masa, lumubog at mabuhay kasama nila, magsagawa ng pagsisiyasat sa kanilang kalagayan at magsikhay sa gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanilang hanay. Sa ganito lamang tayo tuluyang makapagwawasto at makakapagpanibagong-lakas.

Nararapat nating reklutahin sa Partido ang pinakaabanteng elemento mula sa rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan alinsunod sa patakarang mapangahas na magrekluta nang wala ni isa mang pinapapasok na masamang elemento. Maramihan nating itayo, palakasin at pandayin ang mga sangay ng Partido sa kung saan naroon ang masa. Susing gampanin ito sa organisasyon upang tiyakin ang pinakamahigpit at di-napuputol na ugnayan ng Partido sa masa.

Magpalitaw tayo at magsanay ng mga kabataan at bagong kadre ng Partido. Dapat silang sanayin at gawing bihasa sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa pamamagitan ng sistematikong pag-aaral sa tatlong antas na kurso ng Partido at iba pang mga aralin ng Partido laluna iyong itinakda ng kilusang pagwawasto. Gabayan sila sa pagpapanibagong-hubog at paunlarin ang diwa ng pagiging kritikal-sa-sarili upang maiwaksi ang mga kahinaan at pagkakamali. Pandayin sila ng disiplinang bakal sa pagpapagana ng buhay organisasyon ng Partido alinsunod sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Dapat ding pandayin sila ng apoy sa paglubog at pamumuno sa masa sa kanilang pakikibaka upang ibagsak ang rehimeng US-Marcos at dalhin sa bagong yugto ng pagsulong at lakas ang demokratikong rebolusyong bayan.

> ***"Nararapat na malalim na lumubog at makipamuhay tayo sa kanilang hanay, siyasatin ang kanilang kalagayan, isagawa ang masikhay na ahitasyon upang imulat, organisahin at pakilusin sila para sa rebolusyon."***

## 2 LUMUBOG NANG MALALIM SA MASA AT PAMUNUAN ANG DALUYONG NG KANILANG PAKIKIBAKANG ANTI-PASISTA, ANTI-PYUDAL AT ANTI-IMPERYALISTA

Nararapat nating tipunin at pamunuan ang daluyong ng kilusang masa tungo sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Marcos. Magagawa lamang natin ito kung malalim tayong nakalubog sa masa at kasama nila sa buhay-at-kamatayang pakikibaka.

Dapat dalhin sa panibagong lawak, sigla at lakas ang pakikibaka ng mamamayan laban sa korapsyon at burukrata-kapitalismo sa taong 2026. Itutok ang tulis ng paglalantad at paglaban ng masa kay Marcos bilang hari ng korapsyon. Dapat na palakasin ang panawagan ng mamamayan sa pagpapatalsik kay Marcos at Duterte at itaas ang diskursong panlipunan sa pangangailangan ng pambansa-demokratikong rebolusyon upang bunutin ang ugat ng korapsyon at burukrata-kapitalismo sa lipunang Pilipino. Kailangan ding ilantad ang Akbayan at mga *pseudo*-progresibo at iba pang tagapag-abswelto sa kriminal na pananagutan ni Marcos. Nararapat na ipagtagumpay nating buuin ang

pinakamalawak na nagkakaisang prente laban sa rehimeng US-Marcos bilang siya ngayong pangunahing pahirap at kaaway ng sambayanang Pilipino.

Sa kanayunan, kailangang tumungo sa masang magsasaka, siyasatin ang kanilang partikular na kalagayan at ibunsod ang pakikibakang antipyudal at lutasin ang problema nilang nakaugat sa pagkaalipin sa lupa, neoliberal na patakaran at kontrol ng imperyalismo sa bansa. Kailangang isulong natin ang minimum hanggang maksimum na layunin ng rebolusyong agraryo ayon sa antas ng lakas ng masa at ng rebolusyonaryong pwersa. Bigyan ito ng pangunahing pagpapahalaga sa pagtatakda ng mga gawain at plano sa kanayunan. Dapat nating pamunuan ang pagpapaunlad ng produksyon ng pagkain at iba pang pangangailangan upang lutasin ang kagutuman at iba pang pangangailangan ng masang magsasaka at mamamayan sa kanayunan. Dapat nating itayo ang baseng bukid sa bisa ng pagrereaktiba at pagrerekober sa mga naiwan, pagpapalawak ng mga bagong lugar at pagkokonsolida ng mga saligang organisasyong masa ng magsasaka, kababaihan, kabataan. Kailangan nating patuloy na palawakin at palakasin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Kasabay nito dapat na ibunsod ang anti-pasistang paglaban ng masa gamit ang iba't ibang anyo ng pakikibaka (ligal at iligal, lihim at hayag, armado at di-armado, pakikibaka sa loob hanggang sa labas ng bansa) upang matiyak na makapagpunyagi, makapangibabaw at magtagumpay ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo at mapatatag ang baseng bukid laban sa pangwawasak ng kaaway.

Sa kalunsuran, kailangang pumunta tayo sa kung nasaan ang masang manggagawa, malamanggagawa at kabataang intelektwal. Nararapat na malalim na lumubog at makipamuhay tayo sa kanilang hanay, siyasatin ang kanilang kalagayan, isagawa ang masikhay na ahitasyon upang imulat, organisahin at pakilusin sila para sa rebolusyon. Kailangan pang ilang ulit na palakasin ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa at ibunsod ang pakikibakang manggagawa at kilusang welga para sa nakabubuhay na sahod, kaseguruhan sa trabaho at karapatan. Dapat na mahigpit na tanganan ng mga manggagawa ang kanilang nangungunang papel sa rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran at maging instrumento sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan ng malamanggagawa. Dapat ibayo pang palawakin, palakasin at konsolidahin ang rebolusyonaryong kabataang estudyante. Dapat nilang pangunahan ang pambansa-demokratikong kilusang propaganda upang labanan ang opensiba sa edukasyon at kultura ng imperyalismo. Dapat silang lumubog sa batayang masa at iugnay ang kanilang pakikibaka sa pakikibaka ng masang magsasaka, manggagawa at malamanggagawa.

Nararapat na higit pang pag-ibayuhin ang anti-pasistang paglaban ng mamamayan sa panunupil ng rehimeng US-Marcos. Dapat na ibayo pang ilantad at labanan ang pasistang programang NAP-UPD. Dapat na ibayo pang palakasin ang pakikibaka ng mamamayan sa panggagahis ng NTF-ELCAC at ng mga pasistang pwersa ng AFP-PNP-CAFGU. Dapat itong umugat sa kanayunan sa anyo ng mga kilusan, organisasyon at alyansa ng magsasaka, pambansang minorya at mga panggitnang pwersa laban sa militarisasyon at lahat ng kahayupang hatid nito habang tuluy-tuloy na nagkakamit ng malawak na suporta mula sa kalunsuran at ibayong dagat. Gawing panuntunan na wala ni isa mang paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas ang mapalalampas na hindi isinisingil sa estado.

Dapat na malaganap na ilunsad ang masisiglang lokal na kampanya at pakikibakang masa na tumutugon sa mga batayang suliranin ng masa sa kanilang lokalidad. Sukatan ito ng epektibong gawaing masa ng Partido. Sa pagsikad ng mga lokal na pakikibaka, tiyak na magkakaroon ng malawak at malalim na pundasyon ang mga panrehiyon, sektoral at pambansang mga kampanya at pakikibaka.

Kinakailangang maibunsod ang malakas na kilusan ng mamamayan upang tutulan at labanan ang nilulutong gera ng US sa Indo-Pacific at paggamit sa Pilipinas bilang isa sa lunsaran ng gyera nito laban sa China at ang garapalang pakikipagkutsabahan ni Marcos at ng Akbayan sa pakanang ito. Dapat nating pukawin ang patriyotikong diwa ng sambayanang Pilipino upang baklasin ang dominasyon ng US sa Pilipinas at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan. Tutukan ang pagsisiyasat at paglalantad ng pagtatayo at pagpapalawak ng mga base at pasilidad militar ng US sa Palawan at Mindoro kasabay ng pagkundena sa walang-

patlang na mga pagsasanay-militar na perwisyo ang hatid sa mga mangingisda at iba pang residente.

Dapat masigabong gampanan ng kilusan sa kalunsuran ng rehiyon ang kanyang dalawahang tungkulin. Una rito ang isulong ang rebolusyonaryong kilusang masa ng uring manggagawa, malamanggagawa, kabataang estudyante at iba ang demokratikong uri't sektor alinsunod sa linyang anti-pasista na itinataas sa anti-imperyalista't iniuugnay sa antipyudal na pakikibaka sa kanayunan, at ikalawa, ibigay ang pinakamalaking suportang pulitika, tauhan at materyal sa armadong pakikibaka at kilusang magsasaka sa kanayunan. Nararapat na itayo, palawakin, palakasin at palalimin ang mga lihim na rebolusyonaryong pambansa-demokratikong organisasyong pangmasa at ang Partido Komunista ng Pilipinas sa kalunsuran. Sa bisa nito, ilatag ang malawak at malalim na lambat ng kilusang lihim na sumusuporta sa armadong pakikibaka. Dapat na iwaksi ang anumang pagpapabaya o pagpapaliban sa tungkuling ito.

## 3 MARUBDOB NA ISULONG ANG ARMADONG PAKIKIBAKA

Marubdob nating isulong ang armadong pakikibaka alinsunod sa estratehikong linyang kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan at taktikal na linya ng pagsusulong ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilyang umaani ng papalawak at papalalim na suportang masa. Mapagpasya nating lutasin sa komprehensibong paraan ang pagkapasibo, pagkitid ng base at suportang masa ng BHB dahil sa mga sariling akto ng pagpapakitid-sa-sarili, konserbatismo, gerilyaismo at pasibidad. Kailangang ituon natin ang pagsisikap ng BHB sa pagbawi ng baseng masa at pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan. Dapat nating buuin ang armadong lakas ng masang magsasaka at iba pang demokratikong uri at sektor sa kanayunan. Buuin ang bagong mga yunit ng BHB at itayo ang mga bagong sona at larangang gerilya upang saklawin ng armadong pagkilos ang mas marami at malawak na lugar sa kanayunan. Dapat nating muling pasiglahin ang pagpapasampa ng mga bagong mandirigma sa BHB, pangunahin mula sa masang magsasaka kasabay ng pagpapasigla ng pagsapi ng mga manggagawa, malamanggagawa at kabataan mula sa kalunsuran. Dapat nating ilunsad ang matatagumpay na taktikal na opensiba upang parusahan ang mga pangunahing kaaway ng masang magsasaka laluna iyong nangangamkam sa kanilang mga lupain, mga despotikong panginoong maylupa at mga armadong tauhan na sumasagka sa pakikibakang magsasaka, yaong mga armadong pwersa ng mga dayuhang mina't mga plantasyon na nang-aagaw ng lupain, kabuhayan at nagpapalayas sa mga magsasaka at mamamayan. Sa kwentado at matalinong paraan, ilunsad natin ang matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa mga pangunahing yunit ng AFP-PNP na pusakal sa paglabag sa karapatang pantao at salot sa mamamayan. Dapat nating ilunsad ang mga espesyal na operasyon upang parusahan ang mga demonyo't taksil laluna iyong may mga utang na dugo sa masa at rebolusyon.

Bilang abanteng destakamento ng proletaryado, mahigpit nating yakapin ang ating tungkuling lubos at buung-buong paglingkuran ang sambayanan at pamunuan ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya hanggang maitatag ang sosyalismo anuman ang kagipitan at kahirapang kakaharapin, buhay man ang maging kapalit. Sa harap ng napakainam na sitwasyon, nakatitiyak tayong lalakas ang Partido at makasusulong ang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa ibayong paglakas tungong tagumpay.

Iambag natin sa internasyunal na kilusang anti-imperyalista at kilusang komunista ang ating pakikibaka sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Marcos at ang nagpapatuloy na pagsulong, paglakas ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa rehiyon at sa Pilipinas.

**MABUHAY ANG IKA-57 ANIBERSARYO NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS!**

**MABUHAY ANG REBOLUSYONG PILIPINO!**

**IBAGSAK ANG REHIMENG US-MARCOS!**